# Libreng anti-rabies

Bandera · 17 Jul 2019 · 3

UMABOT sa 55,128 aso at pusa ang nabigyan ng libreng anti-rabies vaccine ng Quezon City Veterinary Department sa unang anim na buwan ng taon.

Bukod sa bakuna, kinapon din ang 231 household pets upang hindi dumami.

“Pakiusap sa lahat ng pet owners na maging responsableng may-ari ng aso kayo. Alagaan natin ang aso natin sa pagbibigay ng magandang pagkain, magandang tirahan, ipapatingin sa doktor, pababakunahan ng anti-rabies at huwag pababayaan na makawala sa kalsada,” ani City Veterinarian Dr. Ana Maria Cabel.

Ang QC Veterinary Department ay naglalagay din ng microchip sa mga alagang hayop na naglalaman ng pangalan ng may-ari, addre s s , vacc i n a t i o n record at iba pang impormasyon ng hayop. — Leifbilly Begas